| MaTaTaG *Kindergarten* Lingguhang Aralin | Paaralan: | Visit DepEdResources.com for More | | Petsa: | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | | Lingguhang Bilang | 8 |
| | Pangkat: | | | Markahan | 1 |
| | Tema: | Knowing Who We Are and Our Families | | | |

| | |
|---|---|
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | The learners demonstrate understanding of attitude, emotions, similarities and differences of oneself and others including the concept of family, and of importance of physical health, safety, and appropriate movement concepts. |
| **B. Pamantayang Pagganap** | The learners manage emotions, make decisions, recognize similarities and differences of people, and express oneself based on personal experiences; participate actively in various physical activities; use hands in creating models; perform coordinated body movements; and take care of one's physical health and safety. |
| **C. Mga Kasanayang Pampagkatuto** | ● Express oneself through music, arts, and movement<br>● Demonstrate ability to respond appropriately in different situations and events<br>● Demonstrate locomotor and non-locomotor movements<br>● Create artworks using local and available materials<br>● Identify one's given name, friends' names, their family members, and common things they Use that are found at home<br>● Produce the sound of the letter it stands for<br>● Write the letters of the alphabet in uppercase and lowercase form<br>● Describe objects based on attributes (shapes, sizes, uses, etc.) using senses and body parts<br>● Compare quantities using one to one correspondence to determine which has more, less, or equal<br>● Demonstrate respectful attitude towards oneself, parents, and other members of the family; and |
| **D. Mga Layunin (Mensahe)** | ● Nakikilala ang iba't–ibang uri ng bahay<br>● Nalalaman na ang bahay ay may iba't-ibang hugis, laki, ginamit na materyales, disenyo at lokasyon.<br>● Nasasabi na may mga bahay na dalawa o higit pang palapag.<br>● Natutukoy ang iba't-ibang bahagi ng bahay. (this refers to parts of the house: roof, floor, walls etc<br>● Naibabahagi ang kahalagahan at pangangailangan ng pagkain<br>● Naipapaliwanag ang tatlong pangkat ng pagkain, Go, Grow at Glow<br>● Nasasabi ang pangangailangan ng sapat na tulog, ehersisyo at tamang dami ng tubig. |
| **E. Nilalaman/Paksa** | Tayo ay may pangunahing pangangailangan. |

**Tala sa Guro:** Pinagsikapang maging masusi sa pagpili ng mga kalidad na kuwento na aakma sa tema (theme), sub-theme, kasanayang pampagkatuto, at pagpapahalaga (values) na nais ituro sa bata sa linggong ito. Kung sakaling hindi magagamit ang mga iminungkahing kuwento, tiyakin na ang kuwentong ipapalit ay naaayon sa mga kaalamang tinutukoy para sa linggong ito.

| BLOCKS OF TIME | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| **Arrival Time** (10 minuto) | Batiin ang mga bata sa kanyang pagdating. Kapag may lugar sa labas ng classroom upang pumila ang mga bata nang hindi maaarawan o maulanan, papilahin sila.<br>Sabihin sa mga bata na ibaba ang kanilang mga gamit at maghanda na sa pag umpisa ng klase.<br>Matapos ang sampung minuto, kantahin ang 'Isa, Dalawa, Tatlo' o iba pang kanta na maaring gamitin upang umupo ang mga bata. Sumangguni sa *Teacher's Guide* ukol sa *intentional teaching* tungkol sa *routine activities*). | | | | |
| **Meeting Time** (15 minuto) | **Pambansang Awit**<br>**Panalangin Ehersisyo**<br>**Kumustahan** (Kamustahin ang mga bata, magtanong din tungkol sa balita sa telebisyon o radyo na napanoood o narinig nila, current events, hal., may bagyo, transport strike, SONA, at iba pa<br>**Balitaan:**<br>Alamin ang petsa, araw, buwan ngayon gamit ang ating kalendaryo. Kahapon ay (e.g., Linggo) Ngayon ay ____________________Bukas ay _____<br>Ang petsa ngayon ay ika ______ng ____taon<br>Ano naman ang ating panahon ngayon? (maulan, maaraw, etc.)<br>Ilan ang mga babae? Ilan ang mga lalaki? Ilan kaya lahat ang mga bata? Bilangin natin. Kumusta naman ang panahon natin ngayon? (maulan, maaraw, maulap, mahangin)<br>Tingnan ang iyong mga kaklase, bilangin natin ang mga babae. (Patayuin ang bawat batang mabibilang. Muling gawin ito sa mga lalaki). Ilan ang mga lalaki? Kung ganun, ilan lahat ang mga babae at lalaki? Bilangin natin.<br>(Sumangguni sa *Teacher's Guide* partikular ang *Intentional Teaching for Routine Activities* upang makita ang iba't ibang konsepto at baryasyon ng pagtuturo nito.) | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga Mensahe** | Sa bahay kasama ko ang aking pamilya.<br><br>Ang bahay namin ay may iba't-ibang silid ngunit ang iba ay sa isang silid lang.<br><br>Sa bahay mayroon kaming sala, kainan, kusina, banyo/palikuran at silid tulugan.<br>May bahay din na malaki at marami ang mga silid.<br><br>May mga ibang uri ng mga bahay tulad ng apartment at condominium. Ang mga ito ay mas nakakita sa lungsod.<br><br>Mayroon ding bahay na itinatayo sa ilalim ng tulay.<br><br>Ang ibang tao ay nakatira sa kariton.<br><br>May mga tao ring sa lansangan na lang nakatira. | Ang mga bahagi ng bahay ay may iba't ibang bahagi upang maprotektahan kami.<br>Ang mga bahay ay may mahahalagang bahagi:<br>1. bubong- proteksyon laban sa mainit na araw at ulan.<br>2. dingding - laban sa malakas na hangin init at lamig<br>3. bintana- makapasok ang liwanag at maiwasan ang usok ng makina ng mga sasakyan at ang mga masamang amoy<br>4. sahig- ito ang ibabaw kung saan naglalakad ang mga tao<br>Ang mga bahay ay may iba't-ibang anyo dahil sa: mga uri ng materyales na ginamit, istilo, lokasyon at laki | Ang pagkain ay isang pangunahing pangangailangan ng pamilya.<br>Ang mga pagkain ay nahahati sa tatlong pangkat. Ito ay ang Go, Grow and Glow Foods.<br>Ang PINGGANG PINOY for ay para sa mga batang 3-12 taong gulang. Ito ay hango sap ag-aaral ng National Nutrition council.<br>Ang mga batang may partikular na kondisyon sa kalusugan ay dapat dalhin sa isang rehistradong nutritionist-dietitian o anumang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa kanilang mga pangangailangan sa enerhiya at sustansya.<br>Ang mga pagkain kanin, tinapay, at | Ang mga prutas at gulay ay mga Glow Food<br>Glow foods ay mayaman sa mga bitamina at mga mineral<br>Ang pagkain na nabibilang sa "Glow Foods" ay nagpapaganda at nagpapatibay ng hibla ng buhok, nagpapakinang at nagpapakinis ng balat at nagpapalinaw ng paningin. | Ang itlog, gatas, keso at mga karneng manok, baboy, baka at iba pa ay kasama sa pangkat ng "Grow Foods".<br>Kasama rin dito ang mga butong gulay, na tulad ng munggo at patani<br>Ang Grow Foods ay mayaman sa protina na tumutulong sa pagtangkad at pagkakaroon ng malusog na pangangatawan.<br>Mayroon din itong sustansya na tumutulong magpatibay ng mga ngipin at iba't-ibang buto sa katawan |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | spaghetti, kamote at patatas ay ilan sa mga pagkain na kabilang sa Go Foods.<br>Go Foods ay ang nagbibigay ng lakas upang makatakbo, makalangoy, makasayaw, makapag bisikleta at makapaglaro buong araw<br>Makakatulong rin ang Go Foods na magbigay lakas upang magampanan ang mga gawain sa bahay. | nagpapatibay ng hibla ng buhok, nagpapakinang at nagpapakinis ng balat at nagpapalinaw ng paningin. | |
| **Mga Katanungan** | Bakit mahalaga ang bahay?<br>Sino-sino ang nakatira sa bahay?<br>Ano ang iba't ibang silid sa bahay?<br>Ano-ano ang iba't ibang bahagi ng bahay?<br>Lahat ba ng bahay ay may pangalawa, o pangatlong palapag? | Bakit mahalaga ang bahay?<br><br>Ano ang mga materyales na paggawa ng bahay?<br>Paano mo malalaman kung matibay ang isang bahay? | Ano ang mga pagkain na nabibilang sa "Go Foods"?<br><br>Bakit mahalagang kumain ng Glow Foods? | Ano ang mga pagkain na nabibilang sa "Glow Foods"?<br><br>Anong naitutulong ng mga Glow food sa ating pangangatawan? | Ano ang mga pagkain na kasama sa pangkat ng Grow Foods?<br><br>Bakit mahalaga ang pangkat na ito?<br>Ano ang naitutulong nito sa ating katawan? |
| **Work Period 1** (40 minuto) | Awitin ang Kaibigang Libro. | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Kuwento: *Ang Aming Bahay* (Akda ni Ariana Santoalla, US AID, ABC+ Project) Ipaliwanag ang mga mahihirap na salita/ konsepto na nasa kwento.<br><br>***Pagganyak:***<br>Sino ang mga taong kasama mo sa bahay? May ilang silid ang bahay ninyo?<br>***Pangganyak na Tanong:***<br>Sino kaya ang mga nakatira sa bahay sa ating kwento? Ilang palapag ang bahay at ilang silid mayroon ito. | Kuwento: *Ang Tatlong Biik* (Adaptation from The Three Little Pigs) Ipaliwanag ang mga mahihirap na salita/ konsepto na nasa kwento.<br>-dayami<br>-patpat<br>-lobo<br>***Pagganyak:***<br>Ano ang mga materyales na ginagamit sa paggawa ng bahay?<br>***Pangganyak na Tanong:***<br>Sino ang may pinaka matibay na bahay sa ating kwento? | *Kuwento*: Ang Alamat ng Palay (Akda ni Virgilio S. Almario, Adarna House) Ipaliwanag ang mga mahihirap na salita/konsepto.<br>-alamat<br>-kalikasan<br>-tagtuyot<br>-uhay<br>**Pagganyak:**<br>Anong mga kalamidad ang naranasan na ninyo?<br>**Pangganyak na Tanong:**<br>Anong kalamidad ang nangyari sa kwento? Saan nakuha ni Danas ang mga butil ng palay? | Kuwento: *Si Joey At Ang Gulay Gang* (Akda ni Beng Alba, OMF Lit. para sa Hiyas) Ipaliwanag ang mga mahihirap na salita/ konsepto na nasa kwento.<br>-napabulalas<br>-manghang-mangha<br>-buntong hininga<br>***Pagganyak:***<br>Ano ang paborito mong pagkain?<br>Makabubuti ba ito sa iyo?<br>***Pangganyak na Tanong:***<br>Sino ang mga kasali sa Gulay Gang? Ano ang ginawa nila kay Joey? | Tula: *Pagkaing Pampalusog* (Akda ni C.M.S. Acu)<br>***Pagganyak:***<br>Ano ang paborito mong ulam na niluluto ni Nanay? ***Pangganyak na Tanong:*** Anong mga pagkain ang mga binanggit sa tula? |
| **Teacher-Supervised Activity** | ***Talakayan***<br>Sagutin ang mga katanungan sa simula ng kwento.<br>Isa-isang ipakita ang mga larawan sa aklat at hikayatin ang mga bata na gumawa ng sarili nilang kuwento tungkol sa larawan sa aklat. | ***Talakayan***<br>Pag usapan at balikan ang pagkakasunod ng kwento at mga sinabi ng mga karakter.<br>Gamitin ang mga salitang una, pangalawa, pangatlo etc.<br>Pagsunod-sunod ang tatlong bahay ayon sa | ***Talakayan***<br>Sino-sino ang mga tauhan sa kwento? Saan nangyari ang kwento?<br>Ano ang unang nangyari sa kwento? Anong sumunod?<br>Ano ang panghuli? | ***Talakayan***<br>Anu-ano ang hilig kainin ni Joey?<br>Ano ang epekto ng mga pagkaing ito sa kanyang -kalusugan? Paano naiba ang mga hilig na kainin ni Joey?<br>Ano ang paborito mong bahagi ng kwento? Bakit? | ***Talakayan***<br>Anong mga pagkain ang nabanggit sa tula? Anong luto ng karne ang gusto mo? Yung piniprito, inihaw o yung may sabaw?<br>Anong luto ng ulam ang ginagawa ni Nanay sa mga Grow |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Kwentong Dugtungan<br>(Sumangguni sa Appendiks) | pinaka marupok hanggang sa pinaka matibay<br>Isadula ang kwento.<br>(Sumangguni sa Appendiks) | Ano ang naging suliranin nila Danas at Banag?<br>Paano nasolusyunan ang suliranin sa kwento?<br>Bakit mahalaga ang palay?<br>Anong mga salita ang maaari mong gamitin upang ilarawan si Danas?<br>Maliban sa kanin, anong mga kakanin ang mula sa bigas? Limang Daliring Pagkukwento<br>(Sumangguni sa Appendiks) | Ano ang naging pagbabago sa kanyang pangangatawan?<br><br>Gusto niyo rin bang mangyari sa inyo ang nangyari kay Joey? Bakit?<br>Gulay vs. Tsitsirya<br>(Sumangguni sa Appendiks) | Foods na inyong alam?<br>Alam n'yo ba ang kaibahan ng pinirito, inihaw at may sabaw?<br><br>Rebus<br>(Sumangguni sa Appendiks) |
| **Supervised Recess**<br>(15 minuto) | Mga bata sampung minuto na lang ang natitira. Palakpak tayo ng limang beses para sa natapos nating mga gawain. Sabay, sabay, 1, 2, 3, 4, 5.<br>Maghahanda na ang lahat para tayo'y kumanta ng ____________________. Pagkatapos, tayo ay pumila para sa paghuhugas ng ating mga kamay.<br>Kung handa na ang lahat sa mga dala-dalang pagkain, tayo ay magpasalamat o magdasal. (Kapag kumakain na ang mga bata) Puwede din kayo magbahagi ng pagkain sa mga kaklase. Bago matapos ang limang minuto, maaring itanong, ano ang lasa/kulay/hugis ng iyong pagkain?<br>Pagkatapos kumain, maghuhugas uli ng mga kamay. Mahalaga na palaging malinis ang ating mga kamay para maiwasan ang pagkakaroon ng sakit. | | | | |
| **Quiet / Nap Time**<br>(10 minuto) | Awitin ang Munting Bituin ng mahina habang nagpapahinga ang mga bata.<br>Tapos na ang sampung minuto, muli maghahanda tayo sa iba pang mga masasayang gawain. Kakantahin natin uli ang 'Masaya kung sama-sama'.<br>May mga inihandang mga set ng gagawin sa bawat grupo. Maaring ang lider ng bawat grupo ang kukuha ng mga gamit na nasa mesa. Lalapit ako sa bawat grupo para ipaliwanag kung paano gagawin ang mga binigay na mga gamit. | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Work Period 2** (40 minuto) | Magpakita ng isang prutas sa harap ng klase. Hikayatin ang mga mag-aaral na ilarawan ang prutas (kulay, hugis, laki, atbp.). (Tala sa Guro: Maaaring magtalaga ng ilang mag-aaral na makapagdadala ng prutas bawat araw.) Sa harap ng klase, magpakita ng dalawang magkaparehong prutas na magkaiba ang katangian. (Halimbawa, dalawang mangga— isang Indian mango at isang manggang kalabaw; saging na lakatan at saging na latundan; isang hinog at isang hindi pa hinog; atbp.) | | | | |
| **Pag-aaral ng Katangian** | Magpakita ng isang laruang bola sa harap ng klase. Hikayatin ang mga mag-aaral na ilarawan ang bola (kulay, hugis, laki, atbp.). | Sa harap ng klase, magpakita ng dalawang magkaparehong bola na magkaiba ang katangian. Maaring isang Malaki, isang maliit. | Magpakita ng dalawang magkaparehong klase ng bola ng basketball. Ang isa ay gawa sa plastic at ang isa ay tunay na ginagamit ng manlalaro.<br>Hikayatin ang mga mag-aaral na ilarawan ang mga laruang bola (kulay, hugis, laki, atbp.). Magtanong rin tungkol sa bigat: Aling bola ang magaan? Alin ang mabigat? Ano ang pagkakapareho ng dalawang bola? Ano ang pagkakaiba? | Magpakita ng dalawang magkaibang klase ng bola. Hikayatin ang mga mag-aaral na ilarawan ang mga laruan (kulay, hugis, laki, atbp.). Magtanong tungkol sa bigat: Aling bola ang makinis? Magaspang? Itanong sa mga bata, Ano ang pagkakapareho ng dalawang bola? Ano ang pagkakaiba?<br>Thursday Only: Teacher Supervised Activity - Learn A Song: Bahay Kubo (Tingnan sa Apendiks)<br>Kung walang aklat na magagamit ay isulat na lang sa Manila paper at lagyan ng disenyo.<br>Ipaliwanag ang mga salitang:<br>-munti<br>-sari-sari<br>-paligid-ligid | Punan ang kinakailangang data para sa mga katangian ng laruang bola.<br>Pag-usapan ang ibat-ibang katangian ng iba't ibang araw. |
| | **Tala sa Guro**: Gamitin ang matrix Table na makikita sa Appendiks sa gawaing Pag-aaral ng Katangian. | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga Gawain sa grupo** | Early Literacy and Numercy Related Activities:<br>**Early Literacy Activities**<br>● Bahay ng Mga Biik<br>● Stick Puppets – Biik<br>● Mga Gulay Sa Bahay Kubo<br>● Fruits and Vegetables Bingo<br>*Pinggang Pinoy<br>**Math Related Activities**<br>* Origami House<br>* I Spy Food<br>* Puzzles | | | | |
| **Indoor/ Outdoor Play** (35 minuto) | Tapos na ang limang minuto, muli maghahanda tayo sa iba pang mga masasayang laro. Kakantahin natin uli ang 'Masaya kung sama-sama'. | | | | |
| | Lawin At Sisiw | Egg relay | Prutas at Basket | Egg Relay | Sawsaw Suka |
| | Pagkatapos ng 10 minuto ibabalik na natin ang mga ginamit natin sa paglalaro at uupo na tayo upang magpaalam. (Kapag tapos na ang 10 minuto) Iligpit na natin ang mga ginamit natin at umupo na tayo.<br>Maaari din kantahin ang Isa, Dalawa, Tatlo (sumangguni sa Appendiks). | | | | |
| **Wrap Up Time & Dismissal** (10 minuto) | Masaya ba ang lahat sa ating mga ginawa ngayon? Ano ba ang mga ginawa natin?<br>Ano ang iyong natutunan?<br>Anong baitang kayo nabibilang? (Kindergarten)<br>Ano ang pangalan ng iyong guro? Anong pangalan ng ating paaralan? Pangalan ng iyong katabi? Bakit mahalaga na sundan ang mga tuntunin sa paaralan?<br>Bakit mahalagang unawain ang ating mga kasama sa paaralan o pati na din sa ating mga tahanan. Awitin natin ang kantang (paalam) ______________________. Maghanda na ang lahat para sa pag-uwi.<br>Itanong muli ang pangganyak na tanong ng kwento. | | | | |
| Dismissal Routine Paalalahanan ang mga mag-aaral tungkol sa pag-iingat sa pag-uwi (halimbawa, pagtawid ng kalye), sa mga takdang aralin o kailangang ipaalala sa mga magulang, atbp. Sabihing naging masaya ang araw dahil sa kanila kaya't bumalik sila bukas. | | | | | |

| LINGGUHANG PAGNINILAY NG GURO | |
|---|---|
| **Mga Tanong sa Pagninilay** | |
| A. Aling bahagi ng activity ang nagustuhan ng mga bata? Bakit? | |
| B. Alin ang hindi nila masyadong nagustuhan? Bakit? | |
| C. Sa iyong palagay, aling estratehiya ang naging epektibo? Bakit? | |
| D. Anong inobasyon o lokal na materyales ang iyong ginamit sa araw na ito? Ano ang naging reaksyon ng mga bata rito? | |
| E. Anong obserbasyon sa mga bata ang gagamitin mo upang lalo pang mapaganda ang iyong pagtuturo? | |
| F. Nasagot ba ng mga bata ang mga tanong? (Tingnan ang 'Mga Katanungan' pagkatapos ng 'Mensahe'). | |

| Inihanda ni: | Nirebyu ni: | Pinagtibay ni: |
|---|---|---|
| Guro | Master Teacher / Head Teacher | School Head |

**Apendiks**

**A. Mga Gawaing Kaugnay Ng Tema**

**Kuwentong Dugtungan**

Layunin: Itaguyod ang isang pakiramdam ng kagalingan at pagpapahinga.

Dagdagan ang pagpayag na makipag-usap ng mga saloobin at damdamin. Hikayatin ang aktibong pakikilahok. Pagalingin ang kasanayan sa pagsasalita.

Hikayatin ang paggamit ng imahinasyon at pagkamalikhain. Hikayatin ang pagtutulungan ng mga mag-aaral. Pahusayin ang mga kasanayan sa pakikinig.

Mga gagamitin: Storybook Bilang ng
kasali: Lahat ng Bata Pamamaraan:

1. Ipaliliwanag ng guro ang gawain.
2. Ipakikita nya isa-isa ang mga larawan sa aklat at gagawa ng sariling kwento ang mga bata.
3. Sisimulan ng guro. Maaari nyang sabihin Ïsang araw . . .
4. Hihimukin ng guro ang mga bata na dugtungan ang salaysay hanggang makabuo ng bagong kwento.
5. Maaaring isulat ng guro ang sinasabi ng mga bata o i-record sa cellphone at gawan ng drowing at may bagong aklat na ang klase.

**Kuwento ng Tatlong Biik**

Layunin: Hulaan kung ano ang kwento tungkol sa pagka kita pa lang ng mga "puppets." Makinig ng mabuti at mag-react habang nagbabasa ng kwento.

Makinig ng mabuti sa mga kuwento, tula at kanta. Balikan at gamitin ang mga salita mula sa kwento.

Alalahanin ang mga detalye ng kwento: mga tauhan, kailan at saan nangyari ang kwento at mga mahahalagang kaganapan sa kwentong napakinggan.

Mga gagamitin: popsicle sticks, papel na di-kulay, glue, gunting at pentel pens Bilang ng
kasali: guro muna

Pamamaraan:

1. Gayahin ang disenyo ng paggawa ng puppets.

**Dramatization:**

Layunin: Nanghihikayat ng pagkakaunawaan.

Mapaunlad ang pagka mapagpatawa.

Pinaghusay ang ugnayan ng grupo, pagtutulungan ng magkakasama at di-berbalna komunikasyon.

Maunawaan ang oral na wika.
Ginagamit ang kilos at tinig, wika at mga ideya upang tuklasin ang mga tungkulin sa mga ginagampanang papel, mga relasyon at sitwasyon.
Tinutulungan ang mga bata na matutong mag-isip, kumilos, magsalita at kumilos nang may kumpiyansa sa sarili. Paunlarin ang mga kasanayan sa pagsasalita at pakikinig.

Mga gagamitin: Stick puppets

**Paalala sa Guro:**
Maaring gamitin ang kwento gamit ang mga stick puppets na may halimbawang guhit pagkatapos ng kwento.

**Ang Tatlong Biik**

Noong unang panahon, may Nanay Baboy at tatlong anak na biik.

. Nanay: "Mga anak malaki na kayo at kailangan matuto na kayong mamuhay mag isa."

Isa isa silang binigyan ng pera para makapaglakbay ng malayo at magpatayo ng kani-kaniyang bahay.
Sabay-sabay silang umalis at kumaway ng paalam sa ina. Natulog sila sa ilalim ng malaking puno pag sapit ng gabi. Kinabukasan pinag usapan nila ang kanilang mga plano.

Biik 1: Maghiwa-hiwalay na tayo at maghanap ng lupa na pwede tayong magtayo ng bahay. Biik 2: Oo, nga.

Biik 3: Teka, teka pwede naman tayong magpatayo ng sariling bahay at mamuhay ng kanya-kanya. Pero sana magkakakapitbahay tayo para pwede pa rin tayong magtulungan kung kinakailangan.

Biik 2: Tama 'yang naisip mo!

Biik 1: O sige, kahit hindi ko naman kailangan ang tulong n'yo. Mauna na ako at bibili pa ako ng materyales. Biik 1& 3: Kami rin.

Ang biniling materyales ni Biik 1 ay mga diyame at ilang kahoy. Mabilis niyang natapos ang kanyang bahay. Si Biik 2 ay bumili ng mga kahoy at ilang yero. Mas matagal niyang natapos ang bahay kaysa kayBiik 1.
Binili naman ni Biik 3 ay maraming laryo (bricks). Pinakamatagal natapos ang kanyang bahay dahil mas mabigat at kailangang isimento pa ang mga laryo. Naglagay din siya ng tsimineo. Sa hindi kalayuan ay pinanonod pala sila ng isang lobo.

Lobo: "Aha, may pagkain na ko." At pumunta agad sa bahay na gawa sa dayami.
"Munting biik, munting biik, papasukin mo ako!

Biik 1: Hindi.Hinding-hindi kita papapssukin!

Lobo: "Kung ganoon, hihipan ko ng malakas hanggang masira ang bahay mo." Nasira ang bahay gawa sa diyan at gumulong –gulong ang biik papunta sa bahay ng pangalawang biik nanginginig na nagsalita.

Biik 1: "Isara mo ang pinto at hinahabol ako ng lobo at gusto akong kainin".

Biik 2: "Hindi mangyayari 'yan dahil matibay ang bahay ko."

Lobo: "Munting biik, munting biik, papasulin mo ako!"

Biik 2: “Hindi.Hinding-hindi kita papapssukin!”
Lobo: “Kung ganoon, hihipan ko ng malakas na malakas hanggang masira ang bahay mo.” At nasira ang bahay na gawa sa patpat.
Tumakbong humahangos ang dalawa sa ikatlong kapatid.
Biik 1: “Naku, tulungan mo kami. Gusto kaming kainin ng lobo at sinira niya ang aming mga bahay.”
Biik 3: “Magtago kayo at huwag kayong lalabas.” Lobo:
“Munting biik, munting biik, papasulin mo ako!” Biik 3:
“Hinding-hindi kita papapssukin.”
Lobo: “Alam kong nandiyan ang dalawa mo pang kapatid.”

Naisip ng lobo na kapag nasira niya ang bahay ay siguradong hindi siya magugutom ng ilang araw.

Lobo: “Kung hindi n’yo ako papapasukin ay sisirain ko ang bahay mo.”
Biik 3: “Subukan mo! Mapapagod ka lang.”

Huminga ng malalim ang lobo at hinipan n’ya ang bahay na gawa sa laryo. Walang nangyari. Ilang beses n’ya itong ginawa hanggang siya ay napagod. Kung hindi niya masisira ito ay dadaan na lamang siya sa chimineo. Tumahimik ang paligid. Maya-maya ay narinig ng tatlong biik ang kaluskos sa bubong.

Biik 3:”Sa tsiminea siya dadaan.

Sa oras na iyon ay nagpapakulo ang ikatlong biik ng tubig sa tsiminea. Binuksan niya ang takip ng kaldero at tuloy-tuloy ang lobo sa kumukulong tubig. Masayang nagyakapan ang tatlong magkakapatid at natalo nila ang lobo. Wakas




Para sa paggawa ng stick puppets:



**Limang Daliring Pagkukuwento**
Layunin: Alalahanin at gamitin ang mga salita na ginamit sa kwento.
Alalahanin ang mga detalye sa kwento: mga tauhan, kailan at mga pangyayari sa kwento/tula/awit.
Sabihin ang mga pangyayari sa kwento ayon sa pagkakasunod: Una, gitna, huli.
Sabihin o iguhit ang tamang pagkasunod ng tatlong pangyayari sa kwento.
Hinuhain ang mga nararamdaman ng mga tauhan sa kwento. Tukuyin ang simpleng sanhi at epekto ng mga kaganapan sa kwento. Tukuyin kung paano na solusyonan ang suliranin sa kwento.
Mga gagamitin: Manila paper, pentel pen, panukat (ruler) Bilang ng kasali: Lahat ng Bata
Pamamaraan:

1. Subuking sagutin ang mga tanong sa loob ng mga kahong parihaba na hindi babalikan ang kwento kung maaari. Kung hindi kaya ay balikan at suriin muli ang kwento upang masagot ang mga tanong.




**Gulay vs. Tsitsirya**
Layunin: Maiayos at maibilang ang mga bagay ayon sa ibinigay na pagpapangkat
Mga gagamitin: Larawan ng mga gulay, prutas at mga tsitsirya, kendi, tsokolate etc. (maaari ring mga balot nito, 2-3 Manila Paper, Pentel pen, scotch tape
Bilang ng kasali: Lahat ng bata
Pamamaraan:


1. Hatiin ang mga Manila paper sa gitna. Isulat ang salitang Gulay at Prutas sa itaas ng kalahating bahagi at Tsitsirya sa kabilang bahagi.
2. Gumawa ng karampatang dami ng chart para sa bawat mesa.
3. Ibahagi ang mga larawan at mga na balat ng tsitsirya.
4. Hayaan idikit ng mga bata sa tamang bahagi ang larawan o balat na hawak nila.
5. Ipapakita ng lider ng bawat mesa ang kanilang gawa.

**Pagkaing Pampalusog Rebus (Poem)**
Layunin: Makabigkas ng mga tula at awit, at kumanta ng simpleng kanta sa sariling wika, Filipino at/o Ingles.
Aktibong makilahok sa isang talastasan o usapan ng mga pamilyar na paksa. Maunawaan ang salita gamit ang larawan


Mga gagamitin: Mania paper, marker
Bilang ng kasali: Lahat ng bata
Pamamaraan:

1. Isulat ang tula sa Manila paper.
2. Basahin.
3. Sagutin ang mga tanong patungkol dito.
4. Gupitin ang mga larawan at patungan ang mga salitang pagkain
5. Basahin muli ang tula.

**Pagkaing Pampalusog**





May kantang nagsasabi Na
ang gatas at itlog
Ay mga pagkaing pampalusog. Nakalimutan banggitin
Ang keso at gulay ay mabuti ring kainin.





Isama mo rin sa lista
Ang karneng manok, baboy at baka. Mga pagkaing mayaman sa protina, Mabilis gagaling ang sugat, Siguradong tatangkad ka pa.
Ihawin, isigang o ilaga man Tiyak masarap ang kainan.



**Bahay Kubo**

Layunin: Matutunan ang awit.
Matutunan ang mga pangalan ng mga gulay.
Sabihin ang bilang ng pantig sa mga ibinigay na pasalitang salita. Matutong makinig maigi sa mga kwento, tula at mga awit.
Mga gagamitin: Manila Paper, Pentel pen Bilang ng Kasali: Lahat ng Bata Pamamaraan:
Paalala sa guro:

May mga bahay na may malawak na bakuran at malalaking hardin. Maaaring magtanim ng mga halamang palamuti o kaya mga prutas at gulay. Iugnay ang kwento ng Tatlong Biik sa Bahay Kubo.

**Bahay Kubo**
Felipe P. De Leon
National Artist

Bahay kubo, kahit munti
Ang halaman doon, ay sari-sari Singkamas at
talong, sigarilyas at mani Sitaw,
bataw, patani
Kundol, patola, upo't kalabasa
At saka meron pa, labanos, mustasa
Sibuyas, kamatis, bawang at luya
Sa paligid-ligid, ay puno ng linga

"Kanino kayang bahay ang nahahawig sa bahay kubo? Bakit mo nasabi ?

1. Ituro ang kanta
   a. Basahin ang bawat salita sabay subaybayan ng kamay o ruler ang bawat salitang binabasa at binibigkas
   b. Bigyan ng isang palakpak ang bawat pantig. Makakatulong ito upang matutunan ng bata ang tamang bigkas at ritmo ng kanta.
   c. Tanungin ang mga bata kung ano ang mga gulay na nabanggit sa awit. Salungguhitan ang pangalan ng gulay sa awit at isulat sa pisara ang salita.

**Variation**

   d. Gumawa ng palit-awit. Palitan ang mga pangalan ng gulay gamit ang mga prutas.

| Mga Gulay sa Bahay Kubo | |
|---|---|
| 1. Singkamas<br>2. Talong<br>3. Sigarilyas<br>4. Mani<br>5. Sitaw<br>6. Bataw<br>7. Patane<br>8. Kundol<br>9. Patola | 10. Upo<br>11. Kalabasa<br>12. Labanos<br>13. Mustasa<br>14. Sibuyas<br>15. Bawang<br>16. Luya<br>17. Linga |
| Nag-iisang Prutas | Kamatis |

Mga tanong tungkol sa awit:

1. Ilang gulay ang nasa kanta? Sagot: 17
2. Ilan ang prutas? Sagot: 1
3. Ilan lahat ang gulay at prutas? Sagot 18
4. Ilang gulay ang <u>nagsisimula</u> sa titik S? <u>Nagtatapos</u> sa _______________?
5. Anong gulay ang <u>una</u> sa listahan? Ano ang huli?
6. Ano ang <u>ika sampu</u>? Etc
7. Ano ang <u>kasunod</u> ng singkamas? Bago sa ______________?

Guide for Teacher:

**Bahay Kubo Takdang Aralin**

Magdala ng isang gulay at isang prutas na wala sa kantang Bahay Kubo.

Layunin: Matuto at malaman ang ibang gulay sa kantang Bahay Kubo.

Pagbukud-bukurin at pag-uri-uriin ang mga bagay ayon sa isang katangian (hugis, kulay, gamit)

Ayusin ang mga bagay ng sunud-sunod sa isang serye/pagkakasunod-sunod ayon sa ibinigay na katangian (laki, haba), at ilarawan ang kanilang relasyon (malaki, mas malaki, pinaka malaki o mahaba, mas mahaba, pinaka mahaba)


Mga gagamitin: mga dinala na gulay Bilang ng kasali: lahat ng bata Pamamaraan:

1. Pangalanan at ihilera sa isang mesa ang mga dalang gulay ng mga bata.
2. Pagsasamahin ng guro ang mga ito at tatawag ng bata upang sabihin paraan ito pinagsama. Ipagsama ang mga gulay ayon sa: hugis, kulay, laki, dami, salat (texture)

   pinagsamang hugis at kulay, laki at kulay laki ng dahon, dami ng dahon

   pagkakasunod ng laki (Malaki, mas malaki pinaka malaki) (maliit, mas maliit, pinaka maliit)

## A. Mga Malayang Aktibidad





### Origami House

Layunin: Sundin ng tama ang mga tagubilin Kilalanin ang simetria (katawan, mga hugis)
Pinahuhusay ang mga kasanayan sa pag-iisip, mga fraction at pagtugon sa suliranin

Mga gagamitin: bond or colored paper Bilang ng kasali: lahat ng Bata Pamamaraan:

1. Sundan ang sunod-sunod na larawan sa paggawa ng bahay na papel.




### Bahay ng mga Biik


Layunin: Nakakapagkulay, nakakagupit at nakakapagdikit ng iba't ibang hugis at iba't ibang tekstura
Kilalanin ang mga ordinal na pagbilang ng una, pangalawa, pangatlo etc.

Mga gagamitin: glue/paste, gunting, pangkulay (crayons), mga patpato Popsicle sticks,tuyong damo o dayami, ginupit na pulang papel (bricks

Bilang ng kasali: lahat ng bata

Pamamaraan:

1. Kulayan ang “Title Page”
2. Idikit ang karampatang materyales sa bawat bahay
3. Idikit ang bawat disenyo sa mga pahina ng aklat.



### Paggawa ng Stick Puppets

Layunin: Nakakapag kulay, nakakagupit at nakaka pagdikit ng iba't ibang hugis at iba't ibang tekstura


Mga gagamitin: Pangkulay, glue o paste, popsicle stick Bilang ng kasali: lahat ng bata

Pamamaraan:

1. Kulayan ang bawat isang larawan.
2. Gupitin ng maayos at idikit sa popsicle stick
3. Gamitin sa drama sa grupo.



**Matching Fruits and Vegetables**




Layunin: Pahusayin ang pag-aaral tungkol sa mga konsepto magkapareho at magkaiba Pagbutihin ang koordinasyon ng kamay at mata
Marunong sumunod sa mga tuntunin
Matutong makisama sa iba
Pagtutugma ng mga bagay na may isang katangian

Mga gagamitin: Mga *cards* na may mga larawan ng mga prutas at gulay Bilang ng kasali: 4-5 mga bata

Pamamaraan:


1. Ipamahagi ang mga "*cards*" sa bawat bata.
2. Isang bata ang bubunot at sasabihin ang prutas o gulay na nasa larawan ng "card".
3. Lalagyan ng bata ng pananda ang sinabing prutas o gulay sa kanyang "*card*".
4. Ang batang mabuo ang pananda lahat ng larawan sa kanyang "*card"* ang ang panalo.

**Mga Gulay sa Bahay Kubo**
Layunin: Pagbukud-bukurin at pag-uri-uriin ang mga bagay batay sa isang ibinigay na pagpapangkat Mga gagamitin: Activity Sheet, lapis
Bilang ng kasali: Lahat ng bata
Pamamaraan:

1. Isulat sa tamang bahagi ng tsart ang kung saan nabibilang ang gulay o prutas.

Activity sheet for xeroxing:


| Gulay sa bahay kubo | Wala sa bahay kubo |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |




Activity Sheets for xeroxing


**I Spy Food**
Layunin: Maayos at mabilang ang mga larawan Mga gagamitin:
Xeroxed activity sheet
Bilang ng kasali: lahat ng bata
Pamamaraan:

1. Ipamahagi ang activity sheet.
2. Hanapin at bilangin ang mga mag katulad na bagay at larawan.




**Ano ang susunod?**
Layunin: Makumpleto ang pattern Mga gagamitin: Activity Sheet Bilang ng kasali: Lahat ng bata Pamamaraan:

1. Tingnan ang mga larawan sa bawat "row". piliin ang tamang sagot sa ibaba ng papel.
2. Gupitin at idikit ang tamang sagot.





**Number Puzzles**


Layunin: Nakakatulong sa pagpapalakas ng daliri, tiyaga at mga kasanayan sa paglutas ng problema.
Natututo ng mga konsepto ng mga bahagi at kabuuan Bumubuo
ng visual-perceptual na mga kasanayan.
Pinapahaba ang mga kasanayan sa atensyon at konsentrasyon.
Nagpapabuti ng koordinasyon ng kamay-mata at mahusay na mga kasanayan sa motor.
Nagbibigay-daan sa pagpapalawak ng mga kasanayan sa pag-iisip tulad ng pag-alala, pagtutugma, pag-uuri Mga gagamitin:
Activity Sheet
Bilang ng kasali: 2-3 mga bata (depende sa dami na magagawa)
Pamamaraan:
Paalala para sa guro: Idikit sa cardboard bago gupitin at ipagamit sa bata. Maaaring gumawa pa ng iba.

**Para sa bata**

1. Ayusin ang larawan naaayon sa tamang pagkakasunod-sunod ng bilang.







**Pinggang Pinoy**

Layunin: Ipahayag ang mga ideya sa pamamagitan ng mga simbolo (mga guhit, mga imbentong baybay).
Nalalapat ang mga konsepto ng Go, Grow at Glow.
Nakakaguhit, nakapagpipinta a nakapagkukulay ng iba't ibang bagay o gawain.

Mga gagamitin: Lapis at pangkulay Bilang
ng kasali: lahat ng bata Pamamaraan:

1. Ipakita sa bata ang larawan ng Pinggang Pinoy.
2. Ipaliwanag ang pagkakahati sa bahagi ng pinggan ukol sa tamang dami ng kakainin base sa tatlong pangkat ng pagkain.
3. Ipamahagi ang mga pinggang gagamitin sa gawain.
4. Magpa guhit sa mga bata ng pagkain na nababagay sa bawat bahagi.
5. Isulat sa tabi ng drawing ang pagkain na ginuhit. (maaring gumamit ng “invented spelling”)
6. Tulungan ang mga batang hindi pa marunong mag “label”. Isulat sa papel ang kanyang iginuhit, ito ang kokopyahin niya.

Karagdagang kaalaman sa Guro



**Pag-aaal sa Katangian**

Gamitin sa paghahambing ng dalawang bagay.

| Bagay | Kulay | Hugis | Laki | Texture | Bigat |
|---|---|---|---|---|---|
| Bola 1 | | | | | |
| Bola 2 | | | | | |

**INDOOR/ OUTDOOR GAMES**

**Lawin at Sisiw**

Layunin: Naipapakita ang maayos na pakikipaglaro.

Napapa gamit ang mga kilos lokomotor at di-lokomotor sa paglalaro. Nakag hihintay sa kaniyang pagkakataon.

Nakasusunod sa panuntunan ng laro.

Mga gagamitin: Wala

Bilang ng kasali: lahat ng bata

Pamamaraan:

Ang larong ito ay nilalaro ng sampu o higit pang mga manlalaro. Maaari itong laruin sa loob o labas.

1. Isang manlalaro ang pipiliin bilang "lawin" at isa pa bilang "Inahing manok".
2. Ang ibang mga manlalaro ay ang mga "manok".
3. Ang mga manok ay nakatayo sa likod ng isa, bawat isa ay nakahawak sa baywang ng isa sa harap.
4. Ang inahing manok ay nakatayo sa harap ng talampakan ng mga manok.
5. "Bumili" ng manok ang lawin sa inahin.
6. Kinuha ng lawin ang manok at hiniling na manghuli ng pagkain, at matulog.
7. Habang natutulog ang lawin, bumalik ang manok sa inahin.
8. Nagising ang lawin at sinubukang bawiin ang manok na binili habang pinipigilan ng inahin at iba pang manok ang lawin na mahuli ang manok.
9. Kung magtagumpay ang lawin, aalisin ang manok sa laro.
10. Isang bagong inahing manok at lawin ang pipiliin.

**Egg Relay**

Layunin: Naipapakita ang maayos na pakikipaglaro.

Ayusin ang mga bagay (ang mga bata) sa isang serye/pagkakasunod-sunod ayon sa taas. Alam ang posisyon ng mga bagay gamit ang "ibabaw at pagitan."

Nagpapagamit ang mga kilos lokomotor at di-lokomotor sa paglalaro.

Makapaghihintay sa kanyang pagkakataon.

Mga gagamitin: 2 plastic na itlog Bilang ng
kasali: lahat ng bata Pamamaraan:

1. Gumawa ng dalawang grupo at papilahin ang mga bata batay sa kanilang taas. (mababa-patangkad)
2. Ang unang bata sa hara pang hahawak ng itlog.
3. Ang layunin ng laro ay maipasa ang itlog sa taas ng ulo papunta sa likod at sa pagitan ng binti pabalik sa harap.
4. Siguraduhing hindi mabibitawan ang itlog sa laro.

**Mga Prutas sa Basket Relay**

Layunin: Naipapakita ang maayos na pakikipaglaro.

Napapagamit ang mga kilos lokomotor at di-lokomotor sa paglalaro.

Makapaghihintay sa kanyang pagkakataon.

Mga gagamitin: mga plastic na prutas at dalawang basket Bilang ng
kasali: kung ilan ang bilang ng prutas Pamamaraan:

1. Hatiin sa dalawang grupo ang mga kasali.
2. Ang bawat pila ay nakaharap sa upuan na mga 4 na metro ang layo at may tray kung saan nakalagay ang mga prutas.
3. Ang bawat linya ay bibigyan ng basket.
4. Ang unang manlalaro ay may hawak ng basket.
5. Sa hudyat ng simula, tatakbo ang manlalaro papunta sa upuan, kukuha ng prutas, iikot sa upuan bago makabalik sa linya.
6. Inaabot ang basket sa kasunod sa pila at siya ay pupunta sa hulihan ng linya.
7. Ang unang makatapos ang panalo

**Mga Kanta At Mga Tula**

<table>
<tr>
<td>
Kaibigang Libro<br><br>
Ako ay kaibigan<br>
Kaibigang Libro<br>
Laging handang<br>
Magkwento sa inyo<br>
Ingatan nyo ako<br>
Alagaan nyo ako Ako<br>
ay kaibigan Kaibigang<br>
Libro Huwag aapakan<br>
Huwag uupuan Huwag<br>
pupunitin Ang mga<br>
pahina (Ulitin ang<br>
stanza 1)<br><br>
<u>Mga Buwan Ng Taon</u><br>
Enero, Pebreo, Marso, Abril, Mayo<br>
Hunyo, Hulyo, Agosto, Setyembre,<br>
Oktubre, Nobyemre, Disyembre lubi<br>
lubi.<br><br>
<u>Mga Araw Sa Isang Linggo</u> Linggo,<br>
Lunes, Martes, Miyerkules<br>
Huwebes, Biyernes, Sabado
</td>
<td>
Awitin o humiging (hum) pag oras ng pahinga<br>
<u>Munting Bituin</u><br><br>
(Twinkle, Twinkle Little Star) Kay<br>
ningning munting bituin Liwanag sa<br>
gabing madilim Kislap ng kislap<br>
parang kulisap Nagtatago sa likod ng<br>
ulap<br>
Kay ningning munting bituin Liwanag sa<br>
gabing madilim <u>Twinkle Twinkle Little<br>
Star</u><br><br>
Twinkle twinkle little star How<br>
I wonder what you are Up<br>
above the world so high Like a<br>
diamond in the sky winkle<br>
twinkle little star How I wonder<br>
what you are<br>
<u>Ili-ili Tulog Anay</u><br><br>
Ili-ili tulog anay<br>
Wala diri imong nanay Kadto<br>
tienda bakal papay Ili-ili<br>
tulog anay<br>
(Mga buwan ng taon, sa saliw ng Lubi,Lubi)
</td>
<td>
<u>Masaya Kung Sama-sama</u><br><br>
Masaya kung (sama-sama) 3x<br>
Masaya kung sama-sama<br>
At may tawanan<br><br>
Kay lungkot ng buhay Kung<br>
wala kang kaibigan Masaya<br>
kung sama-sama At may<br>
tawanan<br><br>
<u>The More We Get Together</u><br><br>
The more we get (together 3x)<br>
The more we get together The<br>
happier are we<br>
For your friends Are<br>
my friends And my<br>
friends Are your<br>
friends<br><br>
The more we get together<br>
The happier are we
</td>
</tr>
<tr>
<td>
Rhymes<br>
<u>I Wiggle My Fingers</u><br><br>
I wiggle my fingers I<br>
wiggle my toes<br>
I wiggle my head I<br>
wiggle my nose
</td>
<td>
<u>Sampung Malulusog na Bata</u><br><br>
(Sa himig ng Ten Little Injun Boys) Isa,<br>
dalawa, tatlong mga bata Apat, lima,<br>
anim na mga bata Pito, walo, siyam na<br>
mga bata Sampung malulusog na bata
</td>
<td>
<u>Bahay Kubo</u> Felipe<br>
P. De Leon National<br>
Artist Composer<br>
Bahay kubo, kahit munti<br>
Ang halaman doon, ay sari-sari Singkamas<br>
at talong, sigarilyas at
</td>
</tr>
</table>

Now no more wiggles Are
left in me
I'm ready to listen To
teacher's story

**Kumusta, Kumusta**

Kumusta, kumusta, kumusta Kumusta
kayong lahat
Ako'y tuwang-tuwa Masaya't
nagagalak Tralalalala, Tralalala
(2x)

**Isa, Dalawa, Tatlo**

Isa, Dalawa, Tatlo
Una-uahan tayo
Apat, lima, anim Sa
balong malalim Pito,
walo, siyam
Lakad parang langgam
Pagdating sa sampu
Ang lahat ay umupo.

(may sipi sa youtube.com)

**Ang Gatas At Ang Itlog**

Ang gatas at ang itlog
Ay pagkaing pampalusog.
Ang saging at papaya
Ay pagkaing pampaganda.
Ikaw'y uminom ng gatas At
kumain ka ng itlog.
Hindi magtatagal At
ikaw'y bibilog.

Alagaan mo ang manok, Bibigyan
ka ng itlog.

mani
Sitaw, bataw, patani
Kundol, patola, upo't kalabas
At saka meron pa, labanos,mustasa
Sibuyas, kamatis, bawang at luya Sa
paligid-ligid, ay puno ng linga

**Magtanim Ay 'Di Biro**

Magtanim ay 'di biro Maghapong
nakayuko
'Di man lang makaupo 'Di
man lang makatayo

Koro:
Braso ko'y namamanhid Baywang
ko'y nangangawit Binti ko'y
namimitig
Sa pagkababad sa tubig

Sa umagang paggising Ang
lahat iisipin
Kung saan may patanim May
masarap na pagkain

Ulitin ang koro:

Halina, halina, mga kaliyag Tayo'y
magsipag-unat-unat Magpanibago
tayo ng landas Para sa araw ng
bukas
Para sa araw ng bukas